

KASUNDUAN SA FREELANCE NA TRABAHO

Ang sumusunod ay isang Kasunduan sa Freelance na Trabaho ("Kasunduan") sa pagitan ng Freelance na Trabahador at Kumakasundong Entidad na pinangalanan sa ibaba.

1. MGA PARTIDO

Impormasyon ng freelance na trabahador:

Pangalan:	
<i>Kung ikaw ay nakikipagnegosyo sa ilalim ng anumang iba pang pangalan, ilista ang mga ito dito.</i>	
Taong kokontakin (kung iba sa itaas):	
Adres ng Padalahan ng Sulat:	
Numero ng telepono:	
Email address:	

Impormasyon ng kumakasundong entidad:

Pangalan:	
Pangalan ng Negosyo:	
Taong kokontakin (kung iba sa itaas):	
Adres ng Padalahan ng Sulat:	
Numero ng telepono:	
Email address:	

2. SAKLAW NG TRABAHO

Ang Freelance na Trabahador ay magbibigay ng mga sumusunod na serbisyo o produkto sa Kumakasundong Entidad kapalit ng bayad:

Mga serbisyo o produkto na ibibigay ng Freelance na Trabahador	Takdang petsa ng mga serbisyo o produkto	Rate o halaga ng bayad	(Mga) petsa ng pagbabayad o mga dapat bayaran <i>Tandaan: Kung walang ibinigay na petsa o mekanismo para sa pagtukoy ng petsa ng pagbabayad, ang bayad ay dapat bayaran sa loob ng 30 araw pagkatapos makumpleto ang trabaho.</i>

3. BAYAD

Kabuuang halaga (\$) na babayaran sa Freelance na Trabahador para sa trabaho sa ilalim ng kontrata: \$ _____

Paraan ng pagbabayad (i-tsek ang isa):

- Pera
- Tseke
- Venmo
- Cashapp
- Zelle
- Paypal
- Quickpay
- Iba pa

OPSYONAL NA SEKSYON

OPSYONAL: HULI NA PAGBABAYAD

Kung ang Kumakasundong Entidad ay nabigong magbigay ng bayad sa tamang oras, ang Freelance na Trabahador ay maaaring magpataw ng singil para sa pagbabayad nang huli sa halagang ____ % ng kabuuang halaga na hindi nababayaran bawat buwan.

OPSYONAL: RETAINER

Sa pagsasaalang-alang ng pagsang-ayon ng Freelance na Trabahador na magbigay ng mga serbisyo sa Kumakasundong Entidad at sa pagsasantabi ng iba pang mga oportunidad sa trabaho, ang Kumakasundong Entidad ay sumasang-ayon na magbayad ng \$ _____ sa Freelance Worker sa _____. Nauunawaan ng Kumakasundong Entidad na ang bayad na ito ay hindi maibabalik.

OPSYONAL: MGA TERMINO SA PAGBABAYAD

Ang Kumakasundong Entidad ay sumasang-ayon na bayaran ang Freelance na Trabahador ng mga sumusunod na halaga ("Hulugan") sa mga nakalistang petsa:

Halagang dapat bayaran	Takdang petsa
\$	
\$	
\$	
\$	

OPSYONAL: TAGAL, PAGBABAGO, O PAGWAWAKAS NG KASUNDUAN

Ang Kasunduan na ito ay magsisimula sa petsa na ito ay nilagdaan ng magkabilang partido. Kung ang magkabilang partido ay sumang-ayon na palawigin, baguhin, o wakasan ang Kasunduan na ito, maaari nilang gawin ito, ngunit tanging [sa isang nakasulat na kasunduan na nilagdaan ng magkabilang partido] O [sa isang sulat na partikular na tumutukoy sa kasunduan na ito].

Sa pagwawakas, babayaran ng Kumakasundong Entidad ang Freelance na Trabahador para sa lahat ng trabahong natapos sa oras na iyon, at para sa anumang hindi nabayarang mga gastusin na maaaring bayaran.

OPSYONAL: PAGPILI NG BATAS

Ang Kasunduan na ito at anumang mga hindi pagkakaunawaan na magmumula sa ilalim nito ay pamamahalaan ng batas ng estado ng Illinois.